

ANNEX F

PAMPUBLIKONG IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGGAMIT BILANG PAGKAIN AT PAKAIN SA HAYOP, O PARA SA PAGPOPROSESO

PANUKALA PARA SA DIREKTANG PAGGAMIT BILANG PAGKAIN AT PAKAIN SA HAYOP, O PARA SA PAGPOPROSESO [A5547-127 Soybean]

1. Pangalan ng Aplikante
Bayer CropScience, Inc.
2. Address ng Aplikante
**3/F Bayer House, Canlubang Industrial Estate
Calamba, Laguna**
3. Telephone Number/ Facsimile Number, E-Mail Address ng Aplikante
**Tel: +63 2 226 4888
Fax: +63 3 450 5474**
4. Pangalan ng Kaukulang Opisyal/Autorisadong Kinatawan:
Recher E. Ondap/Celsa A. Quimio
5. Deskripsyon Ukol sa Direktang Paggamit ng A5547-127 Soybean:
Ang soybean mula sa A5547-127 ay may *pat* (phosphinothricin acetyltransferase) gene mula sa organismo na *Streptomyces viridochromogenes*. Dahil sa *pat*, nagiging matibay ang A5547-127 soybean na kayanin ang pamatay-damo na may sangkap na phosphinothricin, mas kilala na glufosinate ammonium at ibinibenta sa pangalang Liberty® o Ignite®.
6. Bansang Pagmumulan ng A5547-127 soybean: **Estados Unidos**
7. Maikling Buod Ukol sa Potensyal na Epekto ng A5547-127 Soybean sa Kalusugan ng Tao, Hayop at Kalikasan:
Ipinakikita ng masusing pananaliksik na ang *S. viridochromogenes* ay hindi nagdudulot ng sakit sa mga tao at hayop. Ang mga isinagawang toxicology studies ukol sa PAT ay hindi nagpakita ng indikasyon na ito ay banta sa kalusugan ng mga tao at mga hayop. Ang PAT ay mabilis na nagde-degrade, hindi toxic at hindi nagtataglay ng katangian ng allergenic proteins. Maliban sa PAT, ang resulta ng mga pagsusuri at pag-aanalisa ng komposisyon ng A5547-127 soybean ay nagpahayag na maituturing sa kabuuan na ito ay katumbas sa konbensyonal o karaniwang soybean. Ang A5547-127 soybean ay hindi rin nagdudulot ng anumang panganib sa kalikasan.
8. Maikling Buod ng mga Potensyal na Benepisyo
Dahil sa taglay na tibay laban sa glufosinate ammonium, nagkakaroon ng mas mabisang kasangkapan ang mga magsasaka sa pagkontrol ng damo, tumataas ang kanilang ani, mas bumaba ang paggamit ng pestisidyo kaya ito ay mas kapaki-pakinabang sa pagsasaka lalo na sa mga bansa kung saan ang A5547-127 soybean ay nakatanim (labas ng Pilipinas). Ang importasyon papasok ng Pilipinas ng produkto ng A5547-127 ay makakatulong para matugonan ang pangangailangan ng soybean ng ating bansa.
9. Mga bansa na nag-apruba na sa A5547-127 soybean para gamiting pagkain, pakain sa hayop o para sa pagproseso

Ang A5547-127 soybean ay naaprubahan na para gamiting pagkain o pakain sa hayop sa labing-walong (18) mga bansa na sumusunod: Argentina, Australia/New Zealand, Brazil, Canada, China, Colombia, European Union, Japan, Korea, Malaysia, Mexico, Philippines, Russian Federation, Singapore, Taiwan, United States, Uruguay at Vietnam.

Inaanyayahan ang publiko na magsumite ng kanilang mga puna o komento sa Director ng BPI (sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng publikasyon) ukol sa Panukala para sa Direktang Paggamit ng Soybean A5547-127 bilang pagkain at pakain sa hayop, o para sa pagpoproseso.

Director
Bureau of Plant Industry
San Andres, Malate, Manila
Telephone Number 521-1080
Fax Number 521-1080
E-Mail bpibiotechsecretariat@yahoo.com

Approved for Publication: _____
Director
Bureau of Plant Industry
Date: